# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 01, 2021, LUNES, IKA 09:21 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ...... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ...... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ...... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ...... | Kagawad |

RECORDED 24 FEB 2021

**KAPASIYAHAN BLG. 022-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG 2021 NG BARANGAY MALINAO, BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG MILYON APATNAPU'T LIMANG LIBO PITONG DAAN LABING ANIM NA PISO (P2,045,716.00) NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 59-T2020/ KAUTUSANG BARANGAY BLG. 15-T2020.**

**SAPAGKAT**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 59-T2020 / Kautusang Barangay Blg. 15-T2020 ng Sangguniang Barangay ng Malinao para sa Taunang Badyet taong 2021 ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT**, ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs ng Sangguniang Bayan.

**SAPAGKAT,** matapos ang pagtalakay at malaman ang isinagawang badyet para sa mga pantauhan, pangkagamitang pangangailangan at mentinansya ng barangay ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan na pagtibayin na ang Taunang Badyet ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT,** anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Malinao.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Barangay Affairs), na pinangalawahan ng sinang-ayunan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong 2021 ng Barangay Malinao, bayang ito na nagkakahalaga ng P2,045,716.00 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 59-T2020 / Kautusang Barangay Blg. 15-T2020.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Malinao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 01, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan